

ISANG GABAY SA INYONG septic system



Karamihan sa mga residente ay nagmamalasakit na mapanatiling malinis ang ating mga daanan ng tubig. Sa katunayan, ipinapakita ng mga survey na isinagawa sa buong Lalawigan ng San Diego na **mahigit sa 50% ng mga residente ang naniniwala na direktang nakakaapekto sa kanila at sa kanilang mga pamilya ang polusyon sa ating mga dagat, lawa, at sapa.** Ang Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego ay sumusuporta sa mga pagsisikap ng mga residente para maiwasan ang polusyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mahahalagang tip sa maayos na pagpapanatili ng septic system.

Mga Septic System

Ang mga septic system ang naglilinis ng maruming tubig na kinabibilangan ng tubig mula sa banyo, shower at lababo, sa inyong bahay bago ito ilabas sa kapaligiran.




May iba pang bahagi ang inyong septic system bukod sa tangke. Ang inyong septic system ay binubuo ng apat na mahahalagang bahagi:

Tubo ng sewer mula sa bahay

Septic tank

Leach field

Lupa



Iwasan ang mga Pagpalya

Kapag hindi maayos na napapanatili ang inyong septic system, maaari itong pumalya, dahil dito maaari kayong mas gumastos at makontamina ang ating lokal na kapaligiran. Upang panatilihin ang inyong septic system at maiwasan ang mga pagpalya, sundin itong mga simpleng Pinakamagandang Kaugalian sa Pamamahala o Best Management Practices (BMPs):



Itapon o ikompost ang mga basurang pagkain. Kapag masyadong maraming basurang pagkain, maaaring mahirapan ang bakterya na pabulukin ang mga solido sa septic tank.



Itapon ang mga solidong materyal tulad ng mga produktong pansanitaryo, bulak, baby wipes, at mga nafa-flush na wipes dahil ang mga ito ay hindi mabubulok at maaaring bumara sa mga tubo. Tisyung pambanyo lang ang maaaring pumasok sa septic system.



Subaybayan ang daloy ng tubig sa inyong sistema. Kapag sobra-sobra ang tubig, maaaring matulak ang mga solido sa inyong mga leach line, magbara at magdulot ng pagpalya ng sistema.



Dalhin ang mga kemikal sa lokal na pasilidad ng koleksyon para sa mapanganib na basura ng bahay (www.wastefreesd.org) sa halip na itapon ang mga ito sa drain. Kabilang dito ang mga panlinis, bleach at hindi nagamit na gamot. Huwag gumamit ng mga aditibong kemikal dahil hindi naman kailangan ng septic tank ng anumang kemikal upang gumana nang maayos.



Regular na ipabomba ang inyong tangke sa lisensyadong propesyonal sa pagbobomba ng septic. Ang dalas ng pagbobomba ay depende sa sukat ng inyong tangke at sa dami ng tao sa inyong bahay. Kumonsulta sa propesyonal upang malaman ang tamang dalas ng pagpapabomba para sa inyong bahay. Para sa pangkalahatang estimate, tignan ang kabilang pahina.

Dalas ng Pagbobomba (sa taon)

Sukat ng Sambahayan - Dami ng Nakatira										
Sukat ng Septic Tank	1	2	3	4	5	6	7	8	9	10
1000 galon	12	5½	3½	2½	2	1½	1	1	1	1
1250 galon	15½	7½	4½	3	2½	2	1½	1	1	1
1500 galon	19	9	6	4	3	2½	2	2	1½	1
2000 galon	25	12	8	6	4½	3½	3	2½	2	2

Kumonsulta sa propesyunal upang malaman ang tamang dalas ng pagpapabomba para sa inyong bahay.

Paglutas sa mga Pagpalya

Maaaring matukoy ang pagpalya sa pamamagitan ng mga sumusunod:



Basa-basang sahig galing sa sewage sa leach field o septic tank



Patse ng hindi karaniwang berde o mabilis na lumalaking mga halaman sa leach field




Mabagal ang daloy sa mga draining pipe o mga tubo na nakakabit sa bahay


Kung mapansin ninyo ang anuman sa mga senyales na ito ng pagpalya ng septic system, tumawag kaagad ng propesyunal para humingi ng tulong at upang maiwasan ang mas malaki pang problema, sundin ang mga tip na ito hanggang sa dumating ang tulong:



Gumamit ng pinakakaunting tubig na posible habang hindi pa ito naaayos



Iwasang mapuntahan ng mga tao o hayop ang kontaminadong lugar sa pamamagitan ng paglalagay ng lubid o bakod sa paligid nito



Iwasang makalabas ang kontaminadong tubig sa lugar sa pamamagitan ng paglalagay ng mga harang tulad ng mga sandbag sa paligid ng apektadong lugar



Ang tubig na pinapakawala sa mga kalsada, gutter, at mga storm drain sa Lalawigan ng San Diego ay HINDI PA NALINIS bago ito makarating sa ating mga lokal na sapa, ilog, at sa karagatan. Ang lahat ng pinagmumulan ng polusyon, kabilang na ang mga likido mula sa mga septic system, ay pinagbabawalang makaalis sa inyong pag-aari at mapunta sa mga kalsada o storm drain. Tubig-ulan lang ang pinapayagan sa mga kalsada at mga storm drain.



Para sa mas Maraming Impormasyon

Mga impormasyong tungkol sa septic at mga teknikal na tanong:

(858) 565-5173

www.sandiegocounty.gov/deh/septic

Programa sa Septic Rebate ng Programa sa Pangangalaga ng Watershed:

www.sandiegocounty.gov/WatershedRebates at i-click ang Septic Rebate Program